SA MGA MAMAMAYAN NG NAGANO PREFECTURE
MENSAHE NG GOVERNOR TUNGKOL SA BAGONG URI NG INFLUENZA
(TUGON SA GUIDELINES NA IPINAHAYAG NG MINISTRY OF HEALTH, LABOR and WELFARE)

Hunyo 19, 2009
Nagano Governor Jin Murai
Hakbang Ng Nagano Prefecture
Laban sa Bagong uri ng Influenza

Ipinahayag ngayong Hunyo 19,2009 ng Ministry of Health, Labor and Welfare ang "Guidelines para sa kasiguraduhan sa mga serbisyong medikal, quarantine at sa mga hiling ng pansamantalang pagsasara ng mga paaralan at day-care facilities (Revised)"

Isinasaad sa guidelines na ito na mahirap mapanatili sa zero at tugunan ang bilang ng paglitaw ng impeksiyon ng bagong influenza kung titingnan ang kasalukuyang sitwasyon.

Sa nasabing guidelines, ang tugon ng Nagano Prefecture ay ang mga sumusunod;

Pangunahing hakbang

●Pasyente

-Ayon sa panuntunan, pinapayuhan ang pasyente na huwag lalabas at kinakailangan na magpagaling sa bahay.

- Kinakailangan na ma confine ang pasyente kung ang batayan ng kanyang sakit ay makapagdudulot ng malubhang kondisyon.

●Mga taong malapit sa pasyente

-Pagpapaliwanag ng mga pangontra para sa impeksiyon para sa hindi paglabas at hingin ang kanilang mga pang- unawa sa pangyayari.

-Pinapayuhan na ipaalam ang kondisyon sa Health Welfare Office, sakaling magkaroon ng sintomas ng biglaang lagnat at iba .

-Kung ang tao ay may kahina-hinalang malakas na impeksiyon, siya ay bibigyan ng gamot na makakapuksa sa mikrobyo (anti-influenza-virus drugs)

●Mga paaralan at pasilidad ng child-care atbp.

-Sakaling may maimpeksiyon sa paaralan o pasilidad ng mga paalagaan ng bata at iba pa, hinihiling ang pansamantalang pagsasara ng mga institusyong ito ayon sa pangyayari.

-Hinihiling din ang pansamantalang pagsasara ng iba pang paaralan at day care centers, kahit wala pang naiimpeksiyon kung kinakailangan , upang mahadlangan ang impeksiyon ng pagkahawa.

●Pagmamatyag ng mga naimpeksiyon

-Hindi kami nagmamatyag ng mga kaso ng naimpeksiyong pasyente, subalit manmanan po natin ang mga galing sa mga paaralan o grupo na may malaking antas ng epidemya na hindi napansin.

-Magsasagawa po kami ng survey ng bawat isa mula sa grupo ng mga pasyente na naimpeksiyon.

Bukod sa mga na nabanggit sa itaas, magsasagawa kami ng iba pang mga hakbang laban sa bagong influenza ayon sa kasalukuyang sitwasyon habang nakikipagtulungan sa mga may kinalamang organisasyon.

Hinihingi pa rin ang patuloy na pag-iingat ng mga mamamayan ng Nagano Prefecture at alamin ang mga pinakabagong impormasyong ihahatid. Inaasahan ang malawak na pang unawa at kooperasyon ng bawat isa upang huwag lumaganap ang pagkahawa.

.

・Madalas na pag huhugas at pag mumumog.
・Iwasan ang umpukan ng mga tao hanggat maaari.
・Mag suot ng face mask sa umpukan ng mga tao.
・Huwag kalimutan ang tamang“etiquette” tuwing uubo o babahin.